

Drop-In Program Pagbabago ng Panahon ng Pagpaparehistro

Simula sa Marso 24, ang mga kalahok ay maaaring magparehistro para sa mga drop-in program nang 25 oras pauna sa oras ng pagsisimula ng programa.

MGA MADALAS NA ITINATANONG

Ano ang drop-in program?

Ang mga drop-in program ay isang beses na paggamit, pay-as-you-go na mga programa na hindi bahagi ng maramihang petsa na takbo. Kabilang sa mga halimbawa ang mga public swim, public skate, at mga programang tinawag na "drop-in".

Paano ako makapagparehistro para sa isang drop-in program?

Puwedeng magparehistro 25 oras ang aga para sa mga residente at miyembro. Maaaring gagawin ang pagpaparehistro online sa brampton.ca/registerforprograms, nang personal sa alinmang recreation centre o sa telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa 311.

Kailangan ko bang magparehistro nang pauna kung may membership ako?

Iminumungkahi ang paunang pagpaparehistro upang masiguro ang puwesto, matiyak ang wastong pagpapalano, at matiyak ang access sa napaka-demand na mga recreation program, kahit na may isang membership. Magparehistro nang maaga upang ma-secure ang iyong puwesto sa mga programa na madaling napupuno. Tinatanggap ang mga walk-in kung may bakante pa.

Paano kung hindi ko mapupuntahan ang aking drop-in program?

Pakikansela ang iyong rehistrasyon sa drop-in sa pamamagitan ng pag-login sa iyong online account. Tinatanggap ang pagkansela sa pamamagitan ng 311 hanggang sa isang oras nang maaga sa oras ng pagsisimula ng programa. Maaari ring mag-email ang mga kalahok sa recreation@brampton.ca upang ikansela ang kanilang booking sa 24 oras na paunang abiso.



Bisitahin ang brampton.ca/registerforprograms para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa at serbisyo sa recreation.